
5

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 4: Paraan ng Pamumuhay ng mga Sinaunang Pilipino sa Panahong Pre-Kolonyal




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

## Alamin

Sa modyul na ito, malalaman mo kung paano pinatunayan ng ating mga ninuno ang kanilang kakayahan sa pag-angkop sa kanilang kapaligiran. Bago pa man dumating ang mga mananakop, may umiral ng sistema o kaayusan sa lipunan ang mga sinaunang Pilipino na gumabay sa kanilang maayos at masaganang pamumuhay.

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

Makasusuri sa mga paraan ng pamumuhay ng mga sinaunang Pilipino sa panahon ng Pre-Kolonyal.

## Subukin

**Panuto:** Basahing mabuti ang bawat aytem. Isulat sa sagutang papel ang titik ng tamang sagot.

1. Sa anong panahon natutunan ng mga sinaunang tao ang paggamit ng mga tinapyas na batong magaspang?
   A. Panahong Neolitiko
   B. Panahong Paleolitiko
   C. Maagang Panahon ng Metal
   D. Maunlad na Panahon ng Metal

2. Alin sa ibaba ang natutunan ng mga sinaunang Pilipino noong Panahon ng Bagong Bato?
   A. tumira sa mga yungib
   B. magsaka at mag-alaga nga hayop
   C. mangaso at mangangalap ng pagkain
   D. gumamit ng mga tinapyas na bato na magaspang

3. Ang mga sumusunod na kasangkapang metal ang mas higit na napaghusay ng sa pamumuhay ng mga sinaunang Pilipino maliban sa isa. Ano ito?
   A. sibat
   B. kampit
   C. kutsilyo
   D. pinggan

4. Ang tawag sa sistemang panlipunan, pampulitika at pang ekonomiya ng mga Pilipino noong pre-kolonyal.
   A. siyudad
   B. barangay
   C. pamilya
   D. lalawigan

5. Ano ang tawag sa pinakamataas na antas ng tao sa lipunang Tagalog at Bisaya?
   A. aliping
   B. timawa
   C. maginoo o datu
   D. manggagawa

6. Sila ang kinikilalang mga mahuhusay na mandirigma mula sa pangkat ng mga maharlika?
   A. bagani
   B. bayani
   C. pulis
   D. sundalo

7. Ang mga sumusunod ay mga natatamasang karapatan ng mga kababaihan sa Ifugao maliban sa isa.
   A. bomoto o pumili ng lider
   B. magkaroon ng kayamanan
   C. pagiging kapalit ng datu
   D. pumili ng mapangangasawa

8. Alin sa mga sumusunod ang hindi kasama sa batas na nakasulat noong panahong pre-kolonyal?
   A. ari-arian
   B. diborsyo
   C. krimen
   D. pag-aaral

9. Ito ang paraan para mapalakas at mapagtibay ang kasunduan ng bawat barangay?
   A. pananakop
   B. pagbili o pagbabayad
   C. sanduguan
   D. pag eespiya

10. Siya ang naatasan ng datu para ibalita ang mga kaganapan sa kanyang barangay lalo na kung may mga pagtitipon.
    A. bagani
    B. gat
    C. lakan
    D. umalohokan

# Aralin 1 — Paraan ng Pamumuhay ng mga Sinaunang Pilipino sa Panahong Pre-Kolonyal

## *Balikan*

**Panuto:** Piliin sa Hanay B ang tinutukoy na pahayag sa Hanay A. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| ____ 1. Teoryang nagpapaliwanag na galing sa Timog-Tsina at Taiwan ang mga ninuno natin. | A. Wika |
| ____ 2. Ayon sa paliwanag na ito, ang unang tao sa Sa Pilipinas ay sina Malakas at Maganda. | B. Diyos o Allah |
| ____ 3. Naging pangunahing basehan ng Teoryang Austronesyano. | C. Mitolohiya. |
| ____ 4. Siya'y naniniwalang galing sa katimugan ng Pilipinas ang unang taong nanirahan sa bansa. | D. Wilhelm Solheim II |
| ____ 5. Ang lumikha ng unang tao ayon sa Banal na Kasulatan ng mga Kristiyano at Muslim. | E. Austronesyano |
| | F. Peter Bellwood |

## *Tuklasin*

**Panuto:** Kilalanin ang mga pahayag kung itoy naglalarawan sa **Panahong Paleolitiko** at sa ikalawang hanay para sa **Panahong Neolitiko** at Ikatlong hanay para sa **Panahon ng Metal.** Isulat ang bilang sa bawat hanay. Gawin ito sa isang malinis na papel.

| Panahong Paleolitiko | Panahong Neolitiko | Panahon ng Metal |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

1. Pag-unlad ng transportasyon.
2. Nanirahan ang mga tao sa mga yungib.
3. Natututong magsaka at maghayupan ang mga Pilipino.
4. Gumamit ang mga tao ng magaspang na kasangkapang bato.
5. Nagawa nila ang mga talim ng sibat, kutsilyo at iba pang sandata.
6. Paggamit ng **backloom weaving** para sa paghahabi ng tela.
7. Naging permanente o sedentaryo ang paninirahan ng mga tao.
8. Natutong gumawa ng banga at palayok ang mga sinaunang Pilipino.
9. Gumawa ng mga alahas at kagamitang pandigma gamit ang tanso.
10. Naninirahan ang mga tao sa tabi ng mga dagat at ilog.

# Suriin

Isang malaking kayaman ng ating bansa ang balikan natin ang kasaysayan kung paano namuhay ang ating mga ninuno bago paman dumating ang mga dayuhan o tinatawag na pre-kolonyal. Mayaman sila sa kultura at ito ay napatunayan sa kanilang uri ng pamumuhay. Nahati sa iba't-ibang yugto ang panahong pre-kolonyal. Tinawag ang mga yugtong ito ng kasaysayan bilang Panahon ng Bato na nahahati sa **Panahong Paleolitiko** o Lumang Bato at **Panahong Neolitiko** o Bagong Bato at **Panahon ng Metal**. Ibinatay ang katawagan ng panahong pre-kolonyal sa mga uri ng gamit na natuklasan ng mga tao. Natutunan ng mga sinaunang Pilipino ang paggamit ng mga kasangkapang yari bato.

Naninirahan sila sa mga yungib at gumamit ng mga tinapyas na batong magaspang bilang kasangkapan ang mga tao noong **Panahon ng Paleolitiko** o **Panahon ng Lumang Bato** (500 000-6000 B. C. E.). Nabuhay sila sa pangangaso at pangangalap ng pagkain. Pinaniniwalaang sa panahong ito nabuhay ang mga Taong Tabon. Isa pang patunay ng mga dalubhasa ay ang mga natagpuang buto ng malalaking hayop tulad ng baboy- ramo at usa (nabuhay may 4000-8000 taong nakalilipas) sa Guri Cave (Tabon Complex sa Palawan), at kung ihahambing ng mga antropologo ay higit na mahusay mangaso ang mga sinaunang tao sa naturang yungib kaysa Taong Tabon.

Nagsimulang paunlarin ang kanilang pamumuhay ayon sa kanilang pangangailangan at hamon sa kapaligiran noong **Panahong Neolitiko** o **Panahon ng Bagong Bato** (6000-500 B.C.E). Dahil sa kakulangan ng pagkain sa kanilang paligid, nilisan ng mga sinaunang tao ang mga yungib at hinasa at pinakinis nila ang dating magaspang na mga kasangkapang bato. Nagsimula silang nanirahan sa tabi ng mga dagat at ilog.

Nagsimula na silang magsaka at mag-alaga ng hayop. Gumamit sila ng irigasyon sa pagsasaka ng palay, taro, nipa, at iba pa. Ang pagkakaroon ng tiyak na mapagkukunan ng pagkain ng mga sinaunang tao sa pamamagitan ng pangingisda at pagsasaka ang dahilan ng pagiging sedentaryo o permanente ng kanilang paninirahan.

Natuto ring gumawa ng mga banga at palayok ang mga sinaunang Pilipino sa panahong ito. Ginamit nila itong imbakan ng mga sobrang pagkain at sisidlan ng mga buto ng kanilang mga yumao.

Dahil sa pag-usbong ng kanilang uri ng pamumuhay ng mga sinaunang Pilipino, nagkaroon sila ng mga espesyalisasyon sa paggawa, tulad ng pagsasaka, pangingisda, at pangangaso, gayun din ng paghahabi, paggawa ng bangka, at pagpapalayok.

Sa pagdaan ng panahon ay natuklasan ng ating mga ninuno ang paggamit ng metal. Tinatawag ang panahong ito na **Panahon ng Metal.** Nahati ito sa dalawa: ang Maagang Panahon ng Metal at ang Maunlad na Panahon ng Metal.

Samantala, pinaniniwalaan ng mga antropologo na ang mga bronse ay buhat sa mga mangangalakal ng Timog –silangang Asya na nakipagkalakalan sa mga sinaunang Pilipino. Nahukay rin ang ilang palamuti tulad ng ling-ling-o at ilang yari sa *jade.*

Noong maunlad na **Panahon ng Metal**, higit na napaghusay ng mga sinaunang Pilipino ang kanilang mga kasangkapang metal. Patunay rito ang mga nahukay na talim ng sibat, kampit, gulok, kutsilyo, at iba pang sandata sa Kalanay, Masbate at Novaliches, Quezon City.

Naganap sa panahon ng Metal ang pagsisimula ng paghahabi sa pamamagitan ng **backloom** tulad ng ginagawa ng mga pangkat sa Bontoc, Ifugao at ilang bahagi ng Mindanao.

Nagsimulang umunlad ang pamumuhay ng mga sinaunang Pilipino. Nagkaroon ng antas o nahati ang mga mamayan sa iba't-ibang pangkat na may iba't-ibang katangian, tungkuling ginagampanan, at pribiliheyong tinatamasa sa pamayanang kinabibilangan.

Nahahati sa tatlong antas tao sa lipunan noon. Ang **Maginoo** sa mga Tagalog o **Datu** sa mga Bisaya ang pinakamataas na uri ng pangkat. Maaaring maging datu ang kasapi ng barangay kung siya ay matalino, matapang at nakapagmana ng kayamanan. Pangalawang uri ng tao sa lipunan ang mga **Maharlika at Timawa**. Ang mga maharlika ay tumutulong sa datu sa pagtatanggol at pagpapanatili ng kapayapaan sa barangay. Ilan sa kanila ay mga mahuhusay na mandirigma na tinatawag na **Bagani.** Ang mga **Timawa** naman ay mga malalayang at mga lumayang tao mula sa pagkakaalipin. Sila ay may karapatan sa kanilang ani nang hindi nagbabayad ng tributo sa datu.

Pinakamababang uri ng tao sa lipunan ang mga **Alipin sa Tagalog o Oripun sa Bisaya.** Sila ang karaniwang pambayad sa mga nagawang krimen. Naninilbihan sila sa datu at nagbibigay ng taunang tributo o buwis. Ang pamayanan o barangay na pinamumunuan ng datu ang nagpapatupad ng mga batas. May dalawang uri ng batas na umiiral sa barangay. Ang batas na nakasulat at hindi nakasulat. Saklaw ng batas na nakasulat ang usapin tungkol sa diborsyo, krimen, pagkakaroon ng ari-arian at iba pa. Natatamasa ng mga kababaihan ang pantay na karapatan sa mga kalalakihan. Ipinapaalam sa buong pamayanan ang mga batas na ito sa isang pagtitipon sa pamamagitan ng **umalohokan** o tagapagbalita.

## *Pagyamanin*

**Panuto:** Subukan mong sagutin ang sumusunod na mga tanong. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Umunlad ang pamumuhay ng mga sinaunang Pilipino nang matuto ang mga ito sa_________.

    A. pamamangka at paglalayag
    B. paggamit ng magaspang na bato
    C. pagpalipat-lipat ng mga tirahan
    D. pagtatanim ng iba't ibang halaman at pagpapaunlad ng pagsasaka

2. Ang pagkakaroon ng tiyak na mapagkukunan ng pagkain ng mga sinaunang tao sa pamamagitan ng pangingisda at pagsasaka ay dahilan ng __________.

    A. pagtira nila sa mga yungib
    B. pagiging pagala-pagala nila
    C. pagkakaroon nila ng maraming ginto
    D. pagkakaroon nila ng permanenteng tirahan

3. Ang sumusunod ay mga maaaring paraan para maging isang datu maliban sa isa. Alin ito?

    A. pumasa sa pagsusulit ng datu
    B. anak o galing sa angkan ng mga datu
    C. nakapangasawa ng isang anak ng datu
    D. matapang, matalino at nagmana ng mga kayamanan

4. Ang salitang barangay ay hango sa salitang *balanghai o balangay* na tumutukoy sa ______.

    A. sasakyang panlupa
    B. sasakyang pandagat
    C. sasakyang panhimpapawid
    D. wala sa nabanggit

5. Paano magpasya ang datu kung nagbibigay ng hatol sa mga nagkakasalang kasapi ng barangay?

    A. pinapatay agad
    B. tumatawag sa diyos
    C. kumukuha ng tagahatol
    D. isinasailalim sa mga pagsubok

## *Isaisip*

**Panuto:** Punan ng wastong salita ang bawat patlang para mabuo ang kaisipan ng talata.
Piliin ang sagot sa loob ng kahon at isulat ito sa iyong kuwaderno.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| mandirigma | paleolitiko | pangangaso | yungib | maharlika |
| di-nakasulat | alipin | banga | pagtatanim | bahay |
| pinakinis | neolitiko | tatlo | datu | nakasulat |

Nauugnay sa uri ng kagamitan ang panahong pre-kolonyal. Sa panahong (1)_____________ sinasabing natutong mamuhay ang mga Pilipino ayon sa kanilang kapaligiran. Naging tahanan nila ang mga (2) ____________. Nabubuhay sila sa (3)__________ gamit ang mga tinapyas na magagaspang na mga bato. Noong panahong ng (4) ____________ ay nagbago ang kanilang pamumuhay ng matuto silang gumamit ng mga hinasa at (5) ___________ na bato. Nagtayo na sila mga (6) ____________ sa tabing dagat o ilog. Nadiskubre nila ang (7) ____________ at paggamit ng irigasyon na naging dahilan ng kanilang pagtigil sa isang lugar para manirahan. Natuto silang gumawa ng mga (8) _____________ at palayok na ginagamit nilang imbakan ng mga sobrang pagkain at sisidlan ng mga buto ng kanilang mga yumao.

Sa pagkabuo ng mga pamayanan, nahati ang mga Pilipino sa (9) ________ pangkat. Pinakamataas na uri sa mga Tagalog ang Maginoo o (10) _________ sa Bisaya. Pangalawa sa pangkat ay ang mga (11) __________ o Timawa. Tinatawag na Bagani ang kanilang mga mahuhusay na (12) __________. Pinakamababang uri ng tao sa lipunan ang mga (13) ________. May dalawang batas na ipinapatupad ang kanilang lider. Ang batas na (14) ___________ at (15) ____________.

## *Isagawa*

**Panuto:** Isulat ang **Tama** kung ang pangungusap ay nagsasaad ng wastong kaisipan at **Mali** kung hindi. Isulat ito sa salitang papel.

1. Ang mga kababaihan noon ay may mga karapatan sa lipunan.
2. Ang Panahong Neolitiko ay tinatawag din na Panahon ng Bagong Bato.
3. Naging maganda ang buhay ng mga alipin dahil sila ang pinakamataas na uri ng tao sa lipunan noon.
4. Napayaman ang kulturang Pilipino dahil sa pakikipag-ugnayan sa mga dayuhan.
5. Nagkaroon ng espesyalisasyon sa paggawa noon dahil sa pag-usbong ng kanilang uri ng pamumuhay.

## *Tayahin*

**Panuto:** Suriin at pillin sa ibaba ang tamang paraan ng pamumuhay ng mga sinaunang Pilipino sa panahon ng Pre-Kolonyal. Isulat ang wastong sagot sa talahanayan gamit ang sagutang papel.

- Naninirahan ang mga tao sa mga yungib.
- Gumamit ng irigasyon.
- Gumawa ng mga sibat, palaso at kutsilyo gamit ang tanso at bronse.
- Hinasa at pinakinis nila ang dati ay magaspang na mga kasangkapang bato.
- Nabuhay sa pangangalap ng pagkain.
- Natututong magsaka at maghayupan ang mga Pilipino.
- Natututo silang gumawa ng mga banga at palayok.
- Gumamit sila ng mga kasangkapang yari sa tanso at bronse.
- Gumamit ang mga tao ng magaspang na kasangkapang bato.
- Naninirahan ang mga tao sa tabi ng mga dagat at ilog.

| Panahong Pre-Kolonyal | Pamumuhay ng mga Sinaunang Pilipino |
|---|---|
| Panahong Paleolitiko | 1. |
| | 2. |
| | 3. |
| Panahong Neolitiko | 4. |
| | 5. |
| | 6. |
| | 7. |
| | 8. |
| Panahon ng Metal | 9. |
| | 10. |

## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Punan ng wastong sagot ang sumusunod na patlang. Piliin ang sagot sa loob ng kahon.

| | | |
|---|---|---|
| katalonan | sanduguan | neolitiko |
| saguiguilid | timawa | namamahay |

1. Isinasagawa sa pamamagitan ng paghiwa sa bisig gamit ang punyal at pagpapatulo ng dugo sa kopang may alak ________.

2. Mga kababaihang nagsisilbing mga espirituwal na pinuno sa sinaunang pamayanang Pilipino ________.

3. Ang ________ ay mga lumayang to mula sa pagkakaalipin.

4. Nadiskubre ang pagtatanim ng mga halaman noong panahon ng ___________na naging dahilan ng pagtira ng mga ninuno sa isang kumunidad.

5. Ang aliping ___________ may sariling bahay at naninilbihan lang sa datu kung may okasyon.

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. A
2. B
3. D
4. B
5. C
6. A
7. A
8. D
9. C
10. D

**Balikan**

1. E
2. C
3. A
4. D
5. B

**Tuklasin**

Paleolitiko
2, 4,

Neolitiko
3,7,8,10

Metal
1,5,6,9

**Pagyamanin**

1. D
2. D
3. A
4. B
5. D

**Isaisip**

1. lumang bato o paleolitiko
2. yungib
3. pangangaso
4. bagong bato o neolitiko
5. pinakinis
6. bahay
7. pagtatanim
8. banga
9. tatlo
10. datu
11. maharlika
12. mandirigma
13. alipin
14. nakasulat
15. di-nakasulat

**Isagawa**

1. Tama
2. Tama
3. Mali
4. Tama
5. Tama

**Tayahin**

*Panahong Paleolitiko*

1. Naninirahan ang mga tao sa mga yungib.
2. Gumamit ang mga tao ng magaspang na kasangkapang bato.
3. Nabuhay sa pangangalap ng pagkain

*Panahong Neolitiko*

4. Naninirahan ang mga tao sa tabi ng mga dagat at ilog.
5. Natututong magsaka at maghayupan ang mga Pilipino.
6. Hinasa at pinakinis nila ang dati ay magaspang na mga kasangkapang bato.
7. Natututo silang gumawa ng mga banga at palayok.
8. Gumamit ng irigasyon.

*Panahon ng Metal*

9. Gumamit sila ng mga kasangkapang yari sa tanso at bronse.
10. Gumawa ng mga sibat, palaso at kutsilyo gamit ang tanso at bronse.

**Karagdagang Gawain**

1. sanduguan
2. katalonan
3. timawa
4. neolitiko
5. namamahay